# ANG PINAKADAKILANG PANGAKO





**Sa munting aklat na ito ikinukuwento**
**ang tungkol sa pinakamagandang pangako…**
**at kung ano ang ginawa ng Diyos**
**upang matupad ang pangakong iyon.**



## Mahal ka ng Diyos at tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako.

Mula nang nilikha ng Diyos ang daigdig,
ipinangako Niya na mamahalin at aalagaan Niya
ang mga tao sa daigdig.

Minsan sinisira ng tao ang kanyang pangako…
Ngunit kapag ang Diyos ang nangako,
tinutupad Niya iyon!





## Sinisira ng tao ang kanyang pangako sa paggawa ng masama.

- Kinakalimutan niya ang Diyos.
- Sinusuway niya ang Diyos.
- Sinasaktan niya ang kapwa.

Sinasabi ng Diyos na ang parusa sa paggawa natin ng masasama ay hindi tayo makakapamuhay na kasama Siya.

**Kasalanan:** Ang ibig sabihin nito ayon sa salita ng Dios ay; pag-iisip, pagsasabi o paggawa ng mga bagay na hindi ayon sa kautusan ng Dios.

"Ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos." (Roma 3:23)





## Tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako nang sinugo Niya sa atin si Jesus.

**Kailanman hindi sinira ng Diyos ang Kanyang pangako na mamahalin Niya ang tao. Mahal na mahal Niya ang tao kaya sinugo si Jesus sa daigdig ang Kanyang Anak upang mamuhay na kasama ng tao at ipadama ang pagmamahal ng Diyos.**

**Sanggol si Jesus nang pumunta Siya rito,**
**at iilang tao lamang**
**ang nakaalam kung sino Siya...**
**Siya ang ka isa-isang Anak ng Diyos,**
**ang Tagapagligtas.**

**Tagapagligtas:** Si Jesus lamang ang makakapagligtas sa lahat at magpalaya sa atin sa lahat ng kasalanan sa isip, salita at sa gawa.

**"Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang suguin niya ang kanyang bugtong na Anak." (1 Juan 4:9)**





Lumaki si Jesus bilang tao.
Sinabi Niya ang tungkol sa Diyos na Kanyang Ama
sa bawat taong nakatagpo niya.

Ikinuwento ni Jesus sa mga tao
ang tungkol sa pangako ng Diyos
na mamahalin Niya sila.

Ipinakita ni Jesus sa mga tao
kung paano mamahalin ang Diyos at
kung paano mamahalin ang kapwa.

**At laging may oras Siya**
**para sa mga bata!**

**"Tinawag ni Jesus ang mga alagad at sinabihan, 'Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Huwag ninyo silang pagbawalan.'" (Lucas 18:16)**





Ngunit maraming tao ang hindi nagmahal sa Diyos, kaya pinatay nila si Jesus.

Pumayag si Jesus na gawin nila iyon sa Kanya
dahil gusto Niyang tanggapin ang parusa
sa lahat ng masasamang nagawa ng bawat tao.

## Namatay si Jesus.

Namatay si Jesus upang ang lahat ng tao—
mga taong katulad mo at katulad ko—
ay mapatawad sa paggawa ng masama
at makapamuhay na kaibigan ng Diyos
ngayon at sa walang hanggan.

**Namatay si Jesus para sa iyo dahil mahal ka Niya.**

---

**Patawarin:** Ipasya na alisin ang parusa sa masamang pag-iisip, salita o gawa.
**Sumampalataya:** Umasa o makatiyak sa isang bagay; kumilos ayon sa iyong pinaniniwalaan

**"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)**





Hindi nagwakas ang pangako ng Diyos
nang namatay si Jesus.
**Ang pinakamagandang bahagi'y darating pa!**

Si Jesus ay binuhay uli ng Diyos.
Siya'y nakita at nakausap ng maraming tao.

## Nabuhay uli si Jesus

upang patunayang Siya'y Diyos.
May kapangyarihan Siya na tulungan ka
na huminto sa paggawa ng masama
at mamuhay ayon sa nais ng Diyos.

"Naparito ako upang magkaroon [kayo] ng buhay—isang buhay na ganap at kasiya-siya."
(Juan 10:10)





Bumalik si Jesus upang makasama uli ang Diyos.

Bago Siya umalis, nagsabi Siya ng iba pang mga pangako...

- Ipinapangako ni Jesus na sasamahan ka Niya kahit hindi mo Siya nakikita.
- Ipinapangako ni Jesus na Siya'y magiging pinakamalapit na kaibigan mo.
- Ipinapangako ni Jesus na patatawarin ka Niya sa lahat ng masasamang nagawa mo.
- Ipinapangako ni Jesus na maninirahan Siya sa iyo ...kapag nagmamahal at nagdaramdam ka. ...kapag natutuwa at nalulungkot ka.
- Ipinapangako ni Jesus na kahit mamatay ka mabubuhay ka na kasama Niya nang walang hanggan.

Gusto mo bang hilingin kay Jesus na mamuhay na kasama mo at sa iyo ngayon?

"Ako'y laging kasama ninyo."
(Mateo 28:20)

"Hindi kita iiwan ni pababayaan man."
(Hebreo 13:5)





## Kausapin mo ang Diyos...

**gamitin mo ang sariling pananalita o ang isang panalanging tulad nito:**

> **"Mahal kong Diyos, naniniwala po akong Anak Ninyo si Jesus. Salamat po dahil namatay si Jesus sa krus para sa mga masasamang nagawa ko.**
> **Patawarin po Ninyo ako sa mga masasamang ginawa ko.**
> **Hinihiling ko po na mamuhay sa akin si Jesus at samahan Niya ako lagi.**
> **Tulungan po Ninyo ako na mamuhay ayon sa nais Mo.**
> **Salamat po sa pagsagot Ninyo sa panalangin ko."**

**Gusto mo bang sabihin ang panalanging ito ngayon?**

**Magtiwala ka sa pangako ng Diyos na mamahalin ka Niya at sasamahan ka ni Jesus.**

**"Ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos." (Juan 1:12)**

---

**Panalangin:** Pakikipag-usap sa Diyos, sa tahimik o malakas na pagsasalita.





Kapag hiniling mo sa Diyos na patawarin ka Niya
at inanyayahan mo si Jesus na mamuhay sa iyo . . .
**Siya'y talagang sasaiyo at sasama sa iyo**
—ngayon at palagi.

Hindi mo Siya makikita,
at maaaring wala kang maramdaman,
Ngunit talagang kasama mo si Jesus!
Ipinangako Niya na sasamahan ka Niya...
at lagi Siyang tumutupad sa Kanyang mga pangako.

Araw-araw pasalamatan mo si Jesus
na nasa iyo
at sa pagtulong Niya sa iyo
sa buhay mo na kasama Siya.

---

**Pananalig:** paniniwala kahit hindi mo nauunawaan; pag-asa sa mga pangako ng Diyos...at sa Anak ng Diyos... anuman ang nadarama mo!

"Dahil sa inyong pananalig kay Cristo Jesus, kayong lahat ay anak ng Diyos."
(Galacia 3:26)





Kahit nahiling mo nang sumaiyo si Jesus,
maaari ka pa ring maging salbahe sa kapwa,
o maging sinungaling,
o maging masuwayin,
o maging makasarili sa pag-iisip.

Tuwing makakagawa ka ng anumang alam mong masama,
kausapin mo ang Diyos.
Aminin mo sa Kanya na ang inisip, sinabi o ginawa mo
ay hindi ayon sa nais Niyang gawin mo.

Pasalamatan ang Diyos
sa pagpapatawad sa iyo.

---

**Paghahayag:** Pagsasabi ng totoo kung sino ang Diyos; pag-amin sa Diyos na ang inisip, sinabi o ginawa mo ay hindi talagang nais Niya na gawin mo.

"Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan."
(1 Juan 1:9)

**Marami pang magagandang pangako ang Diyos.**
**Ipinangako Niya na tutulungan ka Niya na lumago sa bagong buhay mo na kasama si Jesus.**





Malalaman mo ang mga pangako ng Diyos...
...sa pagbasa mo ng mga talata ng Biblia sa munting aklat na ito.
...sa pagpunta mo sa mga lugar kung saan itinuturo ang tungkol kay Jesus.
...sa pakikipag-usap mo sa Kanya araw-araw.

Sabihin mo sa iyong pamilya at mga kaibigan ang natutuhan mo tungkol kay Jesus.
Basahin mo sa kanila ang munting aklat na ito at tulungan mo silang humingi ng tawad sa Diyos.
Sa tulong mo maaari nilang hilingin kay Jesus na samahan sila at mamuhay sa kanila.

At lagi mong **panaligan ang mga pangako ng Diyos... Tinutupad Niya lagi ang sinasabi Niya.**

Ngayon, hiniling ko sa Diyos na patawarin ako sa mga masasamang inisip, sinabi at ginawa ko.
Nais kong mamuhay ayon sa nais ng Diyos.
Nais kong lumago sa pag-ibig sa Diyos at sa kapwa.

Pangalan: ____________________

Petsa: ____________________



Nilikha ni Vernie Schorr

Tagalog

©1990 The Jesus Film Project

Inilimbag ng Foursquare Missions Press na may pahintulot

Ang mga talata ng Biblia sa munting aklat na ito'y hango sa Magandang Balita Biblia para sa madaling pagkaunawa ng bumabasa.

Sa pahintulot ng The Jesus Film Project ang mga larawan sa munting aklat na ito'y kinuha sa 2-oras na pelikula tungkol sa buhay ni Cristo na pinamagatang "JESUS." Para sa karagdagang kaalaman ukol sa pambatang video o babasahin, makipag-ugnay sa The Story of Jesus for Children, 910 Calle Negocio, Ste. 160, San Clemente, CA 92673, U.S.A., 1-800-433-1997, www.jesusforchildren.org.